

Istorya Hong Baryo: Salamin ng Kultura ng mga Butuanon

DIDITH P. BROWN, PhD

Kolehiyo ng Humanidades at Agham Panlipunan
Caraga State University
Ampayon, Butuan City, Philippines
didithpbrown@yahoo.com

RAYMUND M. PASION, PhD

Institute of Education and Teacher Training
Davao Oriental State University
Mati City, Davao Oriental, Philippines
raymund.pasion@dorsu.edu.ph

Abstrak

Layuning panlahat sa pag-aaral na ito ay ang pagdodokumento at pagsasalin sa wikang Filipino ng mga istorya hong baryo o kuwentong-bayan ng mga Butuanon at ang paglalahad ng mga kulturang napapaloob nito mula sa tatlong barangay ng Babag, Banza at Maug, Lungsod ng Butuan.

Disenyong kwalitatibo ang ginamit. Metodong indehinus at deskriptibong pamaraan naman sa paglikom, pag-interbyu, pagsiyasat at pag-analisa ng datos. Ang mga impormante ay napili sa pamamagitan ng kombinasyong purposive at snow-ball sampling.

Natuklasan sa pag-aaral na ito na mayaman ang Butuanon sa mga di-materyal na kulturang paglalarawan sa kanilang sarili at lipunan. Pinatunayan ito sa labing apat (14) na mga orihinal na akdang kuwentong-bayang Butuanon katulad ng alamat, salaysayin at pabula.

Nagkaroon din ng pagbabago sa mga di-materyal na kulturang Butuanon dahil sa impluwensya ng kalakalan, intermarriages, pangingibang-bayan, pag-usbong o pagsulputan ng makabagong teknolohiya katulad ng panonood ng TV, pakikinig ng balita mula sa radyo o di kaya'y pagbabasa ng mga balita sa pahayagan, atbp.

Mga Susing-Salita: Istorya Hong Baryo, Kuwentong-Bayan, Kultura, Butuanon

INTRODUKSYON

Ang Pilipinas ay hitik sa bungang karunungan ng malikhaing isipan ng mga mamamayang Filipino. Ang karunungan ito ang kanilang ginamit sa pagtugon sa maraming katanungan tungkol sa kapaligiran na pilit uungkatin ang buod ng katotohanan at kagandahan upang makita at malaman ang pinagmulan nito. Bunga nito, nalikha ang maraming poklor sa iba't ibang rehiyon na binubuo ng genre tulad ng epiko, alamat, kuwentong bayan, karunungan bayan at marami pang iba. Ang lahat ng mga ito'y nagbunga ng di mabilang o di

kaya'y di mapantayan na obra na siyang bumubuo sa mayamang panitikan ng Filipino, panitikang tulad ng ibang bansa ay nagsisilbing salamin ng mayamang karanasan ng tao.

Ang poklor naman ay nahahati sa tatlong grupo; Kuwentong bayan o *Folk Narrative*, Kaalamang bayan o *Folk Speech* at Kantahing bayan o *Folk Song* (Arrogante, 1991). Ang kuwentong bayan ay kinabibilangan ng mga mito, alamat, salaysayin at pabula. Ang istorya hong baryo o kuwentong bayan ay mga kuwentong pasalaysay na nagpasalin-salin sa iba't ibang bibig ng mga mamamayan. Kahit walang katiyakan kung saan nagmula ang kuwento ngunit hindi naman ito pinagsawaang ulit-uliting pakinggan at patuloy itong kinagigiliwan. Ito ang naging instrumento sa pagtitipon ng mag-anak sa oras ng kanilang pamamahinga mula sa maghapon pagtatrabaho at nabibigyan naman ng panahon ang kanilang mga sarili kasama ang kanilang pamilya (Eugenio, 2002). Sa mga ganitong pagkakataon, nagiging malapit sa isa't isa ang mga miyembro ng pamilya o kamag-anak. Nagkalapit ang kanilang damdamin, kaisipan at nadedebelop ang pag-uunawaan at pagtutulungan ng bawat isa na bagay sa isa sa mga kultura ng Filipino ang pagkamalapit sa isa't isa o *close family ties*. Ang pagkukuwento ay nakapagtuturo rin, nakaaaliw, nakagaganyak, nakapagpapalawak ng talasalitaan, nakapagpapayaman ng karanasan, nakapagpapalawak sa pag-unawa sa kapwa at sa buhay, nakalilibang, at nakapupukaw ng mabuting damdamin sa isang tao (Belvez, 1983).

Dahil sa walang humpay na pagsisikap ng tao na makagawa ng mga bagay na makapagpapagaan sa lahat ng kanyang mga gawain na siyang tulay upang yumakap sa panahong kinabibilangan niya o sa panahon ng teknolohiya, unti-unti nang nawawala ang kanyang kinagisnang kultura. Maipagpalagay na karamihan sa mga grupo ng mga taong naninirahan sa liblib ng mga lugar partikular sa kabundukan ay napanatili nila ang kanilang kultura, ang paraan ng kanilang pananampalataya, mga ritwal sa pag-aasawa, pagtanim, pag-aani at iba pa (Eugenio, 1989). Ang mga pagbabagong nagaganap sa kapaligiran ay nagdudulot ng malaking pagbabago sa nakagisnang kultura ng isang lahi. Kahit sa panahon ng Amerikano ay nagkaroon na nang matinding

pagbabago sa paraan ng pamumuhay dahil sa edukasyong ibinigay ng mga Amerikano sa Pilipinas. Karamihan sa mga kabataang Pilipino ay pinadala sa Estados Unidos upang mag-aral ng wikang Ingles upang sa kanyang pagbalik ay bihasa siya sa pagsasalita maging sa pagsulat ng wikang Ingles (Mula kay Santos, 2010 sa Constantino, 1991). Patunay lamang sa panahon ngayon hindi na pinagtutuunan ng mga ilang kabataan ang mga pangyayaring may kaugnayan sa buhay at paniniwala ng isang nilalang bagkus mas higit nilang pinahahalagahan ang mga makabagong teknolohiya.

Mahalagang maisadokumento ang mga kuwentong bayang Butuanon upang kahit papaano maipakita at malaman ng mga Filipino lalo na sa mga kabataan na mayroon tayong tradisyon, kultura at paniniwala na unti-unti nang nakalimutan sa kasalukuyan.

Ito ang inaasahan ng mananaliksik na kahit papaano sa tulong ng pagdodokumento ng mga kuwentong bayan sa tatlong barangay ng Basag, Banza at Maug, Lungsod ng Butuan, mapaalalahanan ang mga Butuanon lalo na ang mga kabataan na ang mga Butuanon ay mayamang-mayaman sa kultura na kakikitaan ng may magandang kaugalian at paniniwala na dapat panatilihin at pagyamanin. Kaya mahalaga na malaman natin ang mga nakatagong kuwentong bayan ng bawat lugar sapagkat malaki ang maitulong nito sa pag-unawa sa kaugalian, tradisyon, saloobin at pamumuhay ng mga Butuanon partikular sa tatlong barangay.

Masasabi na mayaman ng kuwentong-bayan ang mga Butuanon batay sa kasaysayan nitong, "Sa Simula Wala Pa Ang Pilipinas Ngunit Mayroon Nang Butuan," (Zaide, 1990:2). Meron nang mga tao noon bago pa man dumating ang mga Kastila noong taong 1521. Sinabi rin, ang mga Tausug at Joloanon ay nagmula sa Butuan bago nanunuluyan sa Jolo noong 1300 AD. at doon nagtayo ng "Sulu Sultanate." Pinatunayan ito ni Zuniga Robertson (Volume 40, p.312), "The Butuanons were the origin of the best blood & nobility of the Tausugs and Joloans for even the King of Sulu confessed that he is Butuanon."

Dahil sa nabanggit na ang mga Butuanon ay nandito na bago pinangalanan ang bansang Pilipinas, ibig pakahulugan, meron na silang mga kuwentong-bayan at kulturang ginagamit o isinagawa sa tulong na rin ng magkakapatid na taga-Jolo o Tausug. Naisipan ng mananaliksik na ito'y idokumento ang mga nakatagong kabang-yamang panitikan ng mga Butuanon upang ito ay mabasa ng mga bagong tubong Butuanon. Ipadama sa kanila na minsan may wikang Butuanon at kuwentong-bayan na dapat pangalagaan, pananatilihin, at isadokumento bago tuluyang maglaho ang mga ito.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pag-aaral na idokumento ang mga kuwentong-bayan ng mga Butuanon na matatagpuan sa tatlong barangay ng Babag, Banza at Maug, Lungsod ng Butuan. Suriin at analisahin ang mga faktor na nakaimpluwensiya sa pagkalimot o hindi pagsunod ng mga Butuanon sa kulturang nakalap. Sa pagsasakatuparan ng layuning ito, sinikap masagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Anu-ano ang uri ng mga natatanging kuwentong-bayang Butuanon ang nakalap ng mananaliksik sa tatlong barangay ng Babag, Banza at Maug, Lungsod ng Butuan?
2. Anu-anong kultura ang napapaloob sa mga uri ng kuwentong-bayang Butuanon?
3. Anu-ano ang mga naging faktor na nakaimpluwensiya sa pagkalimot o hindi pagsunod ng kulturang Butuanon?

TEORITIKAL NA BATAYAN

Mauunawaan lamang nang malalim ang mga Butuanon kung alamin ang kanilang pinagmulan. Sa pamamagitan nito, mabubuksan ang isipan ng mga tao at mabigyang linaw ang tungkol sa kanilang mga kilos, gawi at pag-iisip na siyang naglalarawan sa kanilang mga kuwentong-bayan. Ito ay gagamiting sandigan sa pag-unawa at pagkilala sa kanilang kultura. Batay sa mga kuwentong ito, dahil sa migrasyon ng tao sa iba't ibang lugar na naging resulta ng paghahalo-halo ng mga lahi at kultura. Nakihalubilo ang mga bagong salta sa mga dati nang nakatira sa isang pook. Dahil maraming kompanyang kahoy ang Lungsod ng Butuan, hindi maiiwasan na maraming mga taong nais magtrabaho sa lugar na ito. Akma ito sa *Teoryang Acculturation*. Ito ay ang proseso ng pag-adap sa bagong kultura o wikang dala ng isang dayuhan o mananakop. Sa pananaw nina De Blij at Muller (1992) ito ay *the process that occurs when contact between two cultures results in substantial change in the culture of the individual members of one or both groups*.

Naniniwala ang mananaliksik na ang binanggit na teorya ay malaki ang kaugnayan sa isinagawang pag-aaral at malaki ang naitulong nito sapagkat ang tanging layunin nito ay idokumento ang mga natatanging kuwentong-bayang Butuanong hindi pa naisulat.


KONSEPTWAL NA BATAYAN

Inilahad sa **Figyur 1** ang biswal na paglalarawan sa konseptong pinagbabatayan ng pag-aaral. Makikita sa unang kahon ang mga Butuanon na matatagpuan sa Lungsod ng Butuan, Rehiyon 13 ng Caraga. Ang nasa ibaba naman nitong unang kahon ay ang tatlong kahon na kung saan, tatlo na lamang

na barangay (Babag, Banza at Maug) maliban sa walumpu't anim (86) na barangay ng Lungsod ng Butuan ang kinikitaang gumagamit ng wikang Butuanon na maririnig at isinasagawa pa ang mga kulturang Butuanon sa pang-araw-araw na pakikisalamuha. Makikita ang mga linyang nagmula sa Butuanon na komokonek sa tatlong barangay (Babag, Banza at Maug) at mga linya ring komokonek sa bawat tatlong barangay. Ang ibig sabihin nito na tumutulong ang tatlong barangay na makapagpahayag ng kanilang mga kuwentong-bayan upang ito ay mapanatili, at maisadokumento upang mababasa ito sa mga sumusunod na henerasyon lalo na't ang wikang Butuanon ay dahan-dahan ng nawawala dahil sa impluwensiya ng nasa paligid.

Ang mga nakalap naman na mga uri ng natatanging kuwentong bayang Butuanon sa tatlong barangay ng Babag, Banza at Maug ay ang mga sumusunod: alamat, salaysayin at pabula. Ang mga naidokumentong kuwentong-bayang Butuanon ay sinuri ng mananaliksik at nalaman niya kung anu-anong kultura ang nakikita mula sa mga kuwentong-bayang Butuanon na makikita naman sa ibaba nitong kahon.

Dulot ng pakikipag-ugnayan at pakikisalamuha ng mga Butuanon sa ibang tao, nagkaroon ng pagbabago sa mga kulturang Butuanon sa impluwensiya ng kalakalan, *intermarriages*, pumupunta sa ibang bayan, pagsulputan ng makabagong teknolohiya, impluwensiya sa panonood ng TV, pakikinig ng balita mula sa radyo o di kaya'y pagbabasa ng mga balita sa pahayagan, at ang pagkaroon ng mataas na edukasyon.



Figyur 1. Iskimatikong Dayagram ng Paradaym ng Pag-aaral

METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

Disenyong kwalitatibo ang ginamit ng pag-aaral. Metodong indehinus at deskriptibong pamaraan naman sa paglikom, pag-interbyu, pagsiyasat at pag-analisa ng datos. Ang mga impormante ay napili sa pamamagitan ng kombinasyong purposive at snow-ball sampling. Ang nasabing mga impormante ay nabibilang sa edad na animnapung (60) taong gulang pataas.

LUGAR NG PAG-AARAL

Ang mga nalikom na datos ay nagmula sa mga barangay ng Babag, Banza at Maug na matatagpuan sa lungsod ng Butuan. Ang Lungsod ng Butuan ay isang napakaurbanisadong lungsod at kapital ng rehiyon ng Caraga sa Rehiyon XIII. Matatagpuan ang naturang lungsod sa hilagang-silangang bahagi ng Agusan del Norte ng Mindanao, Pilipinas.

Ang pangalang Butuan ay may maraming pinagmulan. May nagsabing ito ay nagmula sa isang maasim na prutas o kahoy na pinangalanang "Batuan." Ang pangalang ito ay kilala na bago pa man dumating ang mga Kastila. Ang ibang grupo din ay naniniwala na ito ay nagmula sa sinaunang lider na isang Muslim na Tausug. Ang pangalan niya ay "Datu Buntuan" na tumira nang mahabang-mahabang panahon sa lungsod ng Butuan. May nagsabi rin na ito ay nagmula sa pangalang *boat* sa English, *bawto* (maliit na bangka kung tawagin sa wikang Butuanon) at *baroto* naman sa Bisaya. Ang mga tao noon na ninirahan sa lungsod ng Butuan ay gumamit ng maliit na bangka kung sakaling bumaha ito. Ang lupa rito ay malambot at kung uulan man ng kahit konti ay babaha kaagad at maraming tubig ang umaapaw mula sa Agusan River. Ang pangalang *boat* sa kalauna'y naging "Butuan".


Ang pag-usbong ng industriya ng pagtotroso noong 1950 ay naging dahilan upang bansagan ang Lungsod na "Timber City of the South". Dulot nito ay maraming mga negosyanteng nahalina na magnegosyo sa lungsod. Ang pag-unlad na ito ay nag-udyok kay Congressman Marcos M. Calo upang magpasa ng isang panukala upang gawing siyudad ang Butuan. Sa bisa ng Republic Act. 523, ang Butuan ay naging siyudad noong Agosto 2, 1950. Kung kaya't sa tuwing ika-2 ng buwan ng Agosto ipinagdiwang ng taga-Butuan ang, "Kahimunan Festival," o "Adlaw Hong Butuan". Ang araw na ito ay isang opisyal na "local holiday."

Makikita sa susunod na pahina ang mapa ng lungsod ng Butuan. Mapapansin sa mapa ang magkasunod na binilugang kulay dilaw ang mga barangay Babag, Banza at Maug. Ang tatlong barangay na lamang ang kinikitaang gumagamit pa

hanggang ngayon ng wikang Butuanon at nagtatago parin ng kuwentong-bayan.

Para sa kaalaman ng lahat, ang wikang Butuanon ay may sariling katangian din sa paraan ng pagbaybay at pagbigkas. Gayunpaman, karamihan sa mga salitang Butuanon ay mula sa wikang Cebuano na katunayan ay binawasan o pinaikli lamang ang salitang katulad ng *ulo* sa wikang Cebuano, *u* naman sa wikang Butuanon. Upang mabigkas ng hindi sanay sa wikang Butuanon, ang pagkabigkas nito ay pahaba. Halimbawa; *ba---y* mula sa balay (bahay), *nga---n* mula sa pangalan, *da---n* mula sa dalan (daan), *nawa---* mula sa nawala, *kila --* mula sa kilala at iba pa. Sapagkat may sariling katangian ang pagbaybay at pagbigkas ng wikang Butuanon, ito ay pinapanatili ng mga mananaliksik sapagkat ito ay tatak ng kanilang pagkakakilanlan.

Makikita sa **Figyur 2** ang mapa ng Lungsod ng Butuan at mga karatig na lugar nito.



https://www.google.com.ph/?gfe_rd=ctrl&ei=U3f7UtyiLmOiAfH4DICQ&gws_rd=cr#q=mapa+ng+Butuan

Figyur 2. Mapa ng Lungsod ng Butuan

Ang lungsod ng Butuan ay binubuo ng walumpu't anim (86) na mga barangay. Ang dalawampu't pitong (27) barangay ay klinasipika bilang urban, at ang limampu't siyam (59) na barangay naman ay klinasipikang rural. Ngunit mula sa walumpu't anim na mga barangay na sakop ng Butuan, tatlong (3) barangay lamang ang gumagamit ng kanilang sariling wika (katutubong wika) na tinatawag na Butuanon. Ang mga nasabing barangay ay Babag, Banza at Maug. Kaya, dito nakapukos ang nasabing pag-aaral.

RESULTA NG PAG-AARAL

Talahanayan 1. Ang mga Piling Kuwentong-Bayan ng Butuanon

Mga Piling Kuwentong-Bayan ng Butuanon	Bilang ng mga nalikom na kuwentong-bayan
a. ALAMAT: ➤ <i>Hong Butuan (Ang Butuan)</i> ➤ <i>Hong Babag (Ang Babag)</i> ➤ <i>Hong Banza (Ang Banza)</i> ➤ <i>Hong Maug (Ang Maug)</i>	4
b. SALAYSAYIN: ➤ <i>Ang Tres Ka Soon Nga Mga Usog (Ang Tatlong Magkakapatid)</i> ➤ <i>Ang Magti-ayon Nga Engkanto (Ang Mag-Asawang Engkanto)</i> ➤ <i>Ang Bakat (Ang Malaking Basket)</i> ➤ <i>Ang Batang Bakakon (Ang Batang Napakasinungaling)</i> ➤ <i>Ang Silingan Namong Wakwak (Ang Kapitbahay Naming Aswang)</i>	5
c. PABULA: ➤ <i>Ang Matinabangong Bata ug ang Gibanlos nan Buaya (Ang Matulunging Bata at ang Gutom na Buwaya)</i> ➤ <i>Ang Ambisyosong Ambak (Ang Ambisyosong Palaka)</i> ➤ <i>Si Buaya patsaong Amo (Si Buwaya at si Unggoy)</i> ➤ <i>Kon Ngansi ang Hilam Magakadto gid hong Dig-Om nga Lugar patsaong Ngansi ba gid nga Alingogngog ba gid sila hong Mga Dalunggan Ta? (Kung Bakit ang mga Lamok ay Gumagawi sa Madidilim na Lugar at Kung Bakit Nagagawang Mag-iingay sa ating mga Talinga?)</i> ➤ <i>Ang Makalolo-oy nga Kugita (Ang Kawawang Pugita)</i>	5
Kabuuan	14

Inilahad sa **Talahanayan 1**, ang kabuuang bilang na mga natatanging kuwentong-bayang Butuanon. Ang mga kuwentong ito ay binubuo ng apat (4) na alamat, limang (5) salaysayin, at limang (5) pabula. Ang naturang mga akda ay binigyan ng

salin sa wikang Filipino upang ito ay mauunawaan ng mga taong hindi Butuanon.

Talahanayan 2. Ang mga Kulturang Butuanon na Makikita sa mga Akdang Alamat

Pamagat ng Akdang Alamat	Kultura
Hong Butuan (Ang Butuan) Hong Babag (Ang Babag) Hong Banza (Ang Banza) Hong Maug (Ang Maug)	Pagpapahalaga sa kalikasan at pagmamahal sa lugar

Makikita sa **Talahanayan 2**, ang apat (4) na alamat na pinamagatang, *Hong Butuan*, *Hong Babag*, *Hong Banza* at *Hong Maug* na parehong mayroong kulturang pagpapahalaga sa kalikasan at pagmamahal sa lugar. Ito ang pinagbatayan ng mga katutubong Butuanon bilang pantawag sa mga nasabing pook.

Ang alamat na **Hong Butuan** ay may maraming pinagmulan. Unang-una, ito ay pinangalanang "*Batwan*" na hango sa malaking kahoy na maasim ang prutas. Napalitan ang pangalang Batwan sa pangalang "*Buntuan*" na hango naman sa kagalang-galang at mabait na Datu na dating namuno dito sa lugar. Lumipas ang mga panahon, ang pangalang Buntuan ay napalitan sa pangalang "*Butuan*" na halaw sa "*Boat*" sa wikang English. "*Bawto*" naman ang tawag sa wikang Butuanon. Gumagamit kasi ang mga tao noon ng bawto kapag bumaha ang lungsod ng Butuan.

Samantalang ang alamat naman na **Hong Babag** ang ipinangalan sa lugar dahil sa malaking kahoy na nakaharang sa daan (babag kung tawagin sa Sebuano at harang naman sa Filipino). Subalit, ang alamat na **Hong Banza** ang tawag sa lugar dahil sa biglang pagsambit ng matandang babaeng Butuanon na bansa, mula sa katagang bansang Pilipinas sapagkat noon ay wala pang pangalan o tawag sa kanilang lugar nang siya'y tanungin ng dayuhan.

Sa alamat na **Hong Maug** naman ay ipinakita rito ang uri ng kanilang pamumuhay, ang pangingisda. Ang pangalang ito ay hango sa sagot ng isang taong *ngongong* Butuanon habang abala ito sa pangingisda at napagtanungan ng isang dayuhang Kastila. Nasambit kasi ng taong ngongo ang katagang "Mawg" sa halip na "Bawg". Ang katagang bawg ay mula sa wikang sebuano na "bawog" o pagbaluktot ng kanyang ginamit na bingwit sa pangingisda at bawg din ang tawag nito sa wikang Butuanon.

Talahanayan 3. Ang mga Kulturang Butuanon na Makikita sa mga Akdang Salaysayin

Pamagat ng Akdang Salaysayin	Kultura
Ang Tres ka mga Soon nga mga Usog (Ang tatlong Magkakapatid)	Pagpapahalaga sa karangalan, pagmamahalan, pagtutulungan at pagkakaisa
Ang Magtiayon nga Engkanto (Ang Mag-asawang Engkanto)	Pagmamahal sa kapwa
Ang Bakat (Ang Malaking Basket)	Walang pagmamahal sa sariling Ama na hindi dapat tularan
Ang Batang Bakakon (Ang Batang Napakasinungaling)	Pagkasinungaling na wala namang maidudulot na kabutihan
Ang Silingan Namong Wakwak (Ang Kapitbahay Naming Aswang)	Walang magandang naidudulot ang pagbibiro sa kapwa lalo na't hindi kilala ang kausap at paniniwala sa mga kababalaghan

Samantalang sa **Talahanayan 3** naman ay inilahad ang limang akdang salaysaying Butuanon na kakikitaan ng magkaibang kultura.

Sa kwentong "**Ang Tres Ka Soon Nga Mga Usog**", naglalarawan ito ng kaugaliang pagpapahalaga sa karangalan. Ipinakita sa kuwentong ito ang pagmamahalan, pagtutulungan at pagkakaisa ng magkakapatid na lalake. Nagkakaisa rin sila upang mabigyan ng kaligayahan at kasiyahan ang kanilang mahal na Ina.

Ang pagmamahalan, pagtutulungan at pagkakaisa ay mga kaugalian bilang tunay na Pilipino. Minsan ang mga kaugalian ito ay makikita kung may mga sakunang dumating sa buhay o di kaya'y may nasalantang bagyo ang isang lugar. Nananaig dito ang malaking pagmamahal sa pamilya o kapwa na kung tawagin naman ay bayanihan. Ito ang mga kaugaliang isinulong ng Alkalde ng lungsod ng Butuan. Sa pagmamahalan, pagtutulungan at pagkakaisa malayong makamit ang matagal ng minimithi, na mapaganda ang ekonomiya ng naturang lungsod upang maraming pumapasok na mangangalakal. Sa pamamagitan nito, mabigyan ng mga trabaho ang ilang mga kapwa Butuanon.

Samantalang sa kuwentong "**Ang Magtiayon nga Engkanto**" ay kakikitaan naman ng may pagmamahal sa kapwa. Inuutusan siya sa hindi kilalang tao subalit siya parin ay sumang-ayon dahil ito ay nagpapakita ng magandang pag-uugali. Minsan sa buhay ng tao, dahil nananaig sa kanilang puso ang pagmamahal sa kapwa, tinulungan nila ang tao kahit

hindi nila ito kilala at hindi na inalintanang maaaring pa silang mapahamak dahil dito.

Gayunpaman, ang kuwentong **“Ang Bakat”** ay nagpapahiwatig tungkol sa isang anak na lalake na walang pagmamahal sa sariling Ama. Nais nitong itapon dahil sa katandaan at nagiging pabigat na ito sa kanya. Subalit, nang napagsabihan ito ng kanyang inosenteng anak na lalake, na apo ng kanyang Ama ay doon n’ya napagtanto at naimulat sa katotohanan ang kanyang sarili na mali pala ang kanyang ginawa sa kanyang Ama. Minsan, nagpaalala rin ito sa atin na dapat pala tayo ay makinig din sa ating mga anak. Isa sa mga ugali ng Pilipino ang pagkamalapit sa isa’t isa lalo na sa mga kamag-anak. Mayaman man o mahirap ang mga Pilipino ay makikitang sama-sama ito sa hirap o ginhawa. Katunayan, ang *“extended family”* ay namayani pa rin hanggang sa kasalukuyan dahil sa ugaling pagkamalapit sa isa’t isa.

Hindi maipagkaila na sa kasalukuyan dahil sa ekonomiya at pinansyal, minsan may mga mag-asawa na ayaw nilang isama ang kanilang nag-iisang magulang na tumira sa kanilang tahanan. Ang kaugalian ding ito ay isang impluwensiya ng mga taga-kanluran na sa halip aalagaan ang kanilang mga matatandang magulang, inilagay nila ito sa isang institusyong nangangalaga sa mga matatanda. Dahil na rin sa ang mag-asawa ay kapwa nagtatrabaho, wala silang oras o panahon na aalagaan ang kanilang mga matatandang magulang. Hindi naman lahat mga Butuanon ay nagsasagawa na walang pagbibigay halaga sa mga matatanda. Isipin ng maraming beses, na kung ano ang iyong itanim, iyon din ang iyong aanihin. Kung nakayanan mong itakwil ang iyong mga magulang, ang iyong mga magiging anak naman ay hindi rin magdadawalang-isip na magagawa rin nila ito sa iyo.

Bilang mga magulang, may mga natutunan ding aral mula sa kanilang mga anak. Ang pinakamahalaga, bukas ang komunikasyon sa pamilya nang sa ganoon ay makapag-ambag ng magandang ideya ang bawat isa para sa gagawing hakbang na hindi naman masasaktan ang damdamin ng bawat miyembro ng pamilya. Kinakailangang iisipin ng makailang beses ang nakasaad sa Bibliya na makikita sa aklat ng Exodo 20:12, na “Igalang ninyo ang inyong Ama’t Ina. Sa gayon, mabubuhay kayo nang matagal sa lupaing ibibigay ko sa inyo.” Nakasaad naman sa Ecclesiastico 7:27-28 na “Igalang mo ang iyong Ama nang buong puso, at huwag mong kalilimutan ang naging hirap ng iyong Ina sa iyo. Alalahanin mo, kung hindi sa kanila ay di ka magiging tao. Hindi mo matutumbasan kailanman ang ginawa nila para sa iyo.” Sana, ang mga salita ng Panginoon na mababasa sa Bibliya ay mababasa rin sa mga anak nang sa ganoon ay walang mga matatandang nagliligalig sa daan.

Ang kuwentong, **“Ang Batang Bakakon”** ay naglalarawan ng pagkasinungaling na wala

maidudulot na kabutihan. Sa kanyang pagkasinungaling, siya ay nakulong habambuhay. Nagpapahiwatig ito na sa bawat pagsasalita at pagkilos ng hindi tama ay may kapalit na kaparusahan. Ang pagsisinungaling ay labag sa sampung utos ng Diyos. Ngunit may mga ilang taong mahilig magsinungaling katulad ng isang bata sa kuwento. Ang ganitong ugali naman ay hindi dapat tularan dahil ika nga, ang mamuhay ng sinungaling ay walang maidudulot na katiwasayan sa buhay. Hindi maiwasan sa pang-araw-araw na pakikipagsalamuha sa iba’t ibang tao, ang tao ay natutong magsinungaling dahil siya ay may sariling dahilan kahit alam niya ang tama at mali. Ayon nga sa Bibliya, sa Kawikaan 26:28, “Ang sinungaling na dila ay nagtatanim sa mga sinaktan niya; at ang bibig ng kunwaring mapagpuri ay gumagawa ng kapahamakan”. Ito na marahil ang kabayaran sa ginawang pagsisinungaling sa bata sa hindi magandang pakikitungo niya sa kanyang mga Tiyo at Tiya.

Nailalarawan naman sa kuwentong **“Ang Silingan Namong Wakwak”** ang walang magandang maidudulot ang pagbibiro sa kapwa lalo na’t hindi kilala ang kausap. Nasabi niya na susunod, kilalanin niya muna ang kanyang magiging kausap bago niya ito biruin upang maiwasan ang kapahamakang mangyari. Ang pagbibiro ay isang mapaglarong imahinasyon o mapaglinlang na tanong na nagdadala ng katatawanan sa paligid. Pagbibiro na minsan ay naghahatid ng may negatibong epekto sa mga kausap o nakarinig. Ang kapangyarihan ng mga salita ay nagbibigay buhay sa tao o maaring magsadlak sa kadiliman. Mainam na gamitin ang mga labi at dila sa tamang pananalita, pamamaraan at kapanahunan.

Sa kuwentong ito, nagpapakita lamang na ang ilang mga Butuanon ay naniniwala sa mga aswang o kababalaghan. Huwag lamang silang biruin upang hindi mapahamak ang tao. Kailangan ding maging matapang upang hindi malulupig sa kung anumang hamong dumating sa buhay. Iyan ang isa sa mga ugali ng mga Butuanon, ang pagiging matapang dahil may lahi raw itong Tausog na kilala bilang mga matatapang na tao.

Talahanayan 4. Ang mga Kulturang Butuanon na Makikita sa mga Akdang Pabula

Pamagat ng Akdang Pabula	Kultura
Ang Matinabangong Bata ug ang Gibanlos nan Buaya (Ang Matulunging Bata at ang Gutom na Buwaya)	Pagpapahalaga at pagmamahal sa kapwa tao o kaya’y hayop
Ang Ambisyosong Ambak (Ang Ambisyosong Palaka)	Pakikipagsapalaran at may pananalig sa Poong Maykapal
Si Buaya patsaong Amo (Si Buwaya at si Unggoy)	Mapaglamang sa kapwa na hindi dapat tularan
Kon ngansi ang Hiram	Walang utang na

Magakadto gid hong Dig-om nga Lugar patsaong ngansi ba gid nga Alingogngog ba gid sila hong mga Dalunggan ta? (Kung Bakit ang mga Lamok ay Gumagawi sa Madidilim na Lugar at kung Bakit Nagagawang Mag-iingay sa ating mga Tainga?)	loob na hindi dapat tularan
Ang Makalolooy nga Kugita (Ang Kawawang Pugita)	Pagtutulungan sa isa't isa

Sa **talahanayan 4**, makikita naman ang limang akdang pabula ng Butuanon na nagtataglay rin ng magkaibang kultura.

Ang pabulang **“Ang Matinabangong Bata ug ang Gibanlos nan Buaya”**, ay naglalarawan ng pagpapahalaga at pagmamahal sa kapwa tao o kaya’t sa mga hayop. Kahit iba ang kapalit sa batang matulungin ay hindi siya nawalan ng pag-asa sapagkat siya ay naniniwala na may magandang kapalit ang kanyang ginagawa. Ang Agusan River noon ay nanahanan ng mga buwaya ngunit wala namang naitala na may kinaing mga tao o bata dahil alam ng mga taong naninirahan sa tabing ilog na may mga buwayang nagtatago sa masukal na kakahuyan at kung anumang oras sila ay sasakmalin nito. Hindi naman nagpabaya ang pamahalaan ng Lungsod ng Butuan na tulungan ang mga ilang Butuanon upang mapalayo sa kapahamakan. Buwaya naman ang simbolo na ginagamit sa katiwalian lalo na sa mga nanunungkulan sa pamahalaan. Ang buwaya kasi ay kinakain lahat, kahit bulok at umaalingasaw na hayop katulad ng isang taong gahaman na lumalamon ng kahit ano, mabusog lamang ang kanyang mga uhaw na pangangailangan.

Para sa kabatiran ng lahat, ang lungsod ng Butuan ay kilala bilang Timber City of the South. Katunayan, maraming kompanya ng kahoy ang itinayo rito noong mga panahong 1980. Dahil sa kakulangan ng suplay ng kahoy, ang mga kompanya ay isa-isang nagsara nang wala na halos mapagkunan ng mga kahoy ang kabundukan. Sa ganitong pangyayari, ang lungsod ng Butuan ang siyang nagdurusa sa maling kagagawan ng mga ilang kapitalista. Kaunting ulan ay bumabaha kaagad ang lungsod dahil wala ng makakapitang mga ugat ang ulan na nagmula sa mga kabundukan na siyang dahilan ng pagkaroon ng “flashflood”. Ang mga ilang kapitalista ang siyang mga tinatawag na buwaya habang ang mga inosenteng bata ay ang mga empleyado na tumulong upang mapalago ang kanilang mga kompanya. Kahit naman papaano, maligaya naman ang mga ilang Butuanon dahil malaking tulong para sa kanila ang pagkaroon ng mga itinayong kompanya ay nakapagbigay rin sa kanila ng trabaho.

Sa pabulang **“Ambisyosong Ambak”** naman ay naglalarawan ito ng pakikipagsapalaran at may pananalig sa Poong Maykapal. Kahit siya ay binalewala ng kanyang Ama, hindi ito naging hadlang upang makamit niya ang kanyang ninanais sa buhay. Ang kanyang natamong biyaya ay kanyang ibinahagi sa kanyang kapwa. May mga ilang Butuanon na nandayuhan o nangibang bansa upang mapaunlad pa lalo ang kanilang pamumuhay o di kaya’y nakikipagsapalaran sa ibang bansa upang mabigyan ng magandang kinabukasan ang mga naiwang pamilya. Kapag sila ay nagtagumpay sa kanilang pakikipagsapalaran, sila ay bumalik at nagtayo ng mga negosyo. Ibinahagi naman ang kanilang natamong tagumpay sa kanilang mga kamag-anak. Ang ilan ay pinapag-aral ang kanilang mga pamangkin o anak ng kanilang kamag-anak na wala namang kakayahang magpaaral sa mga anak nito. Ang ilan naman ay tumutulong sa negosyong itinatayo. Iyan ang ugali ng mga Butuanon, ang pakikipagtulungan sa isa’t isa. Nagtagumpay sila sa kanilang pakikipagsapalaran dahil malaki ang kanilang pananalig sa Poong Maykapal. Ayon sa salita ng Panginoong Hesus na makikita sa Filipos 4:19-20, “Buhat sa hindi mauubos na kayamanan ng Diyos, ibibigay niya ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ni Kristo Hesus. Purihin ang ating Diyos at Ama magpakailanman! Amen.” Ang Poong Maykapal ang siyang sentro sa pamilya kung kaya’t nagiging maayos ang pagsasama ng bawat miyembro ng pamilya. Ito ay pinahahalagahan ng mga Butuanon.

Samantalang ang pabulang **“Si Buaya patsaong Amo”** ay naglalarawan ng mapaglamang sa kapwa. Ang Buwaya ay kilala sa kaugaliang hindi patatalo, palulupig at hindi malalamangan. Ngunit kung anong kaugaliang mayroon siya, nalalamangan pa rin siya ng Unggoy. Katulad ng isang kasabihang, *“Ang makatatalo lamang sa mapaglamang ay kapwa mapaglamang din”*. Ang nakitang kaugalian na mapaglamang sa kapwa ay hindi dapat tularan at kung maaari, ito ay dapat iwasan upang magkaroon ng tahimik at matiwasay na buhay. Ang mga kaugaliang mayroon ang mga Butuanon ay magkahalo. Minsan may maganda at minsan din nama’y masama. Marahil, impluwensiya ito sa mga pang-araw-araw na pakikisalamuha sa kapwa.

Sa pabulang **“Kon Ngansi ang Hilam Magakadto gid hong Dig-Om nga Lugar patsaong ngansi ba gid nga Alingogngog ba gid sila hong mga Dalunggan ta?”** ay kinikitaan ng walang utang na loob. Ang mga Lamok ay pinatira ng Hari sa kaharian nito ngunit iba ang iginanti ng mga Lamok, ang Hari ay pinagkakagat. Ang Hari nama’y dali-daling nagtatago sa madilim na lugar kung kaya’t pinaniniwalaan hanggang ngayon kung bakit ang mga Lamok ay sumusuot sa mga ilong, bibig at mga tainga ng mga tao upang hanapin nila ang nawawalang Hari.

Ang huling pabula ay “*Ang Makalolo-oy nga Kugita*”, tinulungan ng pugita ang dagà sa paghahanap ng isdang walang buto para sa kanilang magiging hapunan ngunit nang mahawakan ng dagà ang mga kamay ng pugita, pinagkagat ito ng dagà na siyang humantong sa kamatayan ng kawawang pugita. Minsan sa buhay ng tao, sila ay ipinagkanulo ng kanilang sariling pamilya, kamag-anak o hindi kaya’y mga kaibigan. Ang ganitong uri ng ugaling walang utang na loob ay hindi dapat pamarisan. Ito nama’y isang malaking kabaliktaran ng kaugalian ng isang tunay na Pilipino, ang pagtanaw ng utang na loob. Nagpapakita lamang na ito ay impluwensiya ng mga karatig bansa. May ilang mga bansa na hindi tumatanaw ng utang na loob sapagkat sila nama’y bumabayad sa serbisyong kanilang natanggap. Ang ganitong ugali ay nagpapakita sa paningin ng pagbibigay-galang ng mga kabataan sa kanilang nakatatanda. Hindi naman lahat ng mga Butuanon ay ganito ang ugali. Kung maaari, pananatilihin ang mga magagandang kaugaliang namana mula sa mga magulang at ito ay ipapasa sa mga bagong henerasyon upang ito ay magbigay gabay sa kanilang paglaki.

Ang mga Faktor na Nakaimpluwensiya sa Pagkalimot o Hindi Pagsunod ng ilang Kulturang Butuanon

Batay sa natagpuang malaking bangka na kung tawagin ay *Butuan Balangay Boat* ay tinaguriang pinakamatanda at pinakaunang sasakyang pandagat na nahukay sa buong Timog Silangang Asya. Kilala rin ito bilang sinaunang sining na isang matinding ebidensiya ng kahusayan ng sinaunang Pilipino, gayundin ng kanilang layong makapaglakbay sa ibayong dagat. Ang bangka mismo ay nagpapahiwatig ng kasaysayan at mayamang kultura ng mga Butuanon na ginagamit noong sinaunang panahon bilang sasakyan sa pangangalakal sa Butuan na nagdadala ng mga produkto sa iba’t ibang kalapit na bansa sa Asya.

Dahil sa kalakalan, hindi maiiwasan na ang isang kultura ay naimpluwensiyahan ng kultura ng mga dayuhan na isa sa mga dahilan ng dahan-dahang pagkawala ng nakaugaliang kulturang Butuanon. Dahil pinaniniwala rin na ang mga dayuhang mangangalakal na pumasok sa lungsod ng Butuan ay naninirahan ng mga ilang araw, buwan at mga taon sa nasabing lungsod. Dito na rin pumapasok ang *intermarriages*. Ang *intermarriages* ay ang pagkakasal ng mga kasapi ng isang lahi o bansa sa mga taga-ibang lahi o bansa. Hindi rin maiiwasan ang bagong mag-asawa ay bubukod at manirahan sa ibang lugar, ayon na rin sa nakasaad sa Bibliya ng Genesis 2:24, “*liwan ng lalaki ang kanyang Ama at Ina at pipisan sa kanyang asawa at silang dalawa ay magiging isang laman.*” At sa kanilang paglisan, dala nila ang kanilang sariling kulturang kinalakhan saan man sila pupunta.

Batay sa kuwentong-bayang pinamagatang, “*Ang Ambisyosong Ambak*”, nagpapakita ito na ang ilang Butuanon ay pumupunta sa ibang bayan dahil sa pansariling dahilan. Hindi maiiwasan ang kanyang kinagisnang wika at kultura ay naimpluwensiyahan ng iba pang wika at kultura sa bansang kanyang pinuntahan. Dahil dito, hindi maikakaila na ang ugali, wika at kultura ng Butuanon ay naimpluwensiyahan din ng mga ugali, wika at kultura ng bayang kanilang napuntahan na siyang naging factor o dahilan na nakaimpluwensiya sa pagkalimot o hindi pagsunod ng ilang kulturang Butuanon.

Isa ring faktor na nakaimpluwensiya sa pagkalimot o hindi pagsunod ng ilang kulturang Butuanon ay ang pagsulputan ng bagong teknolohiya. Marami na ring mga Butuanon ang nakapag-asawa ng mga dayuhan sa pamamagitan ng *internet*, o *texting*. Hindi maiiwasan na ang kinagisnang kultura ay nahaluan ng dayuhang kultura. Ang paggamit din ng mga makabagong teknolohiya sa buhay ng mga Butuanon na nakaimpluwensiya sa puso’t isipan lalo na sa mga kabataan. Dahan-dahan ng nawawala ang kulturang pakikihalubilo at pakikipaghuntahan sa mga kapitbahay, ang pakikipaglaro sa mga bata sa kalsada o labas ng bahay, ang pagtitipon upang makinig ng mga kuwentong-bayan. Ang mga ilang nabanggit ay bihira ng makikita sa kasalukuyan dahil mas nanaisin ng isang batang mapag-isa na hawak ang kanyang *gadget* upang makipag-usap sa pamamagitan ng *cellphone*, makipag-update sa *facebook*, nasa *computer games*, o kaya’y gumagawa ng riserts.

Ang impluwensiya sa panonood ng telebisyon, o kaya’y naririnig sa radyo minsan ay nagpabago sa pananaw ng buhay ng mga kabataan. Ang pagkakaroon din ng mataas na edukasyon na minsan ay pinaniniwalaan ang mga nakagawiang pamahin at paniniwala sa mga iba’t ibang okasyon ay nagbabago dahil sa mga natutunan sa aklat, sa internet o kaya’y napag-aralan sa paaralan. Ang ilang mga nabanggit na impluwensiya ay lubos na nakakaapekto rin sa kulturang kinalakhan.

I. KONGKLUSYON

Batay sa mga nalikom at naidokumentong *istorya hong baryo ng kulturang Butuanon*, natuklasan ng mga mananaliksik na ang nasabing kwento ay mayroong mga faktor na nakaimpluwensiya ng malaki sa pagkalimot o hindi pagsunod ng ilang kulturang Butuanon. Ito ay ang mga sumusunod:

1. **Ang kalakalan.** Dati-rati, simple o pangkaraniwan lamang ang uri ng pamumuhay ng mga Butuanon. May mga kompanyang kahoy ang itinayo na noon sa ilang barangay ng lungsod ng Butuan na siyang tulay sa pagtanggap ng mga dayuhang kapitalista at mamamayan na naninirahan ng mahabang panahon sa naturang lungsod. Ngayon, ang lungsod ng Butuan ay itinuring

na isa sa pinakamalakas ang negosyo. Kung kaya't marami na ring mga dayuhang negosyante ang nais magtayo ng kanilang negosyo sa naturang lungsod. Sa pamamagitan nito, hindi maiiwasan na ang paglakas ng negosyo sa naturang lungsod ay nakaimpluwensiya sa pagkalimot o hindi pagsunod ng ilang kulturang Butuanon.

2. **Ang intermarriages.** Dahil ang lungsod ng Butuan ay tinaguriang isa sa mga *Boomed City*, hindi maiiwasan ang pagpasok at manirahan ang mga dayuhan sa lungsod ng Butuan. Bunsod nito, ang mga dayuhan ay nakapag-asawa ng mga Butuanon na isa sa mga faktor na ang nakagawiang kultura ay nahaluan ng iba pang kultura.
3. **Ang pangingibang-bayan.** Maraming faktor kung bakit ang Butuanon ay nangingibang-bayan o pumupunta sa ibang bayan katulad halimbawa ang paghandaan ng magandang kinabukasan ng pamilya, may mga magandang pagkakataon o oportunidad na trabaho at iba pa. Sa kanilang pangingibang-bayan ay hindi nila batid na ang kanilang kinagisnang kultura ay mahahaluan sa kultura ng bayang kanilang pupuntahan.
4. **Pag-usbong o Pagsulputan ng bagong teknolohiya.** Dahil nasa *computer age* na tayo, hindi maiiwasan ang paglabasan ng mga bagong teknolohiya. Ang dating nakagawiang uri ng pamumuhay ay pinagaan o pinadali na lamang ngayon gamit ang mga bagong imbensyon o makabagong teknolohiya. Nakatutulong ng malaki ang teknolohiya sa komunikasyon o pakikipag-ugnayan sa mga kaanak lalo na't nasa ibang bansa. Sa pamamagitan ng kompyuter, nakita at nakausap natin ang ating mga mahal sa buhay, nakagawa tayo ng pananaliksik. Tulay din ang *cellphone* o *internet* sa pagkakaroon ng mga nobya, nobyo, asawa o mga bagong kaibigan. Ang pag-adap ng makabagong teknolohiya ay isa sa mga faktor na ang nakagawiang kultura ay nahaluan ng iba pang kultura.
5. **Ang Multi-Media.** Sa panonood ng TV, pakikinig ng balita mula sa radyo o di kaya'y pagbabasa ng mga balita sa pahayagan. Ang

ilang mga nabanggit ay minsan nakapagbabago sa ugali at pananaw sa buhay ng mga Butuanon lalo na't sa mga kabataan. Nagdudulot din ito ng pagbabago sa mga nakagawiang paraan ng pamumuhay ng mga Butuanon na minsang ginagamit nila ang mga pamahiin at paniniwala na ipinamana ng kanilang mga ninuno.

6. **Mataas na Edukasyon.** Ang kanilang mga natutunan sa aklat, sa paaralan o maging sa *internet* ay mga faktor ring nagdulot ng malaking impluwensiya sa pagkalimot o hindi pagsunod ng ilang kulturang Butuanon. Sapagkat, maaaring napabago nito ang nakaugaliang pananaw o pag-uugali sa kasalukuyang konteksto.

Ang nabanggit na mga dahilan sa itaas ay nagpapatunay lamang na ang kulturang Butuanon ay nabago na sa kasalukuyan. Sapagkat, hindi maiiwasang ito ay nahaluan na ng ibang kultura dulot ng walang humpay na pakikipag-ugnayan sa mga tao sa isa't isa.

MGA REFERENSYA

- [1] **Arrogante, J. A., et. al.** (1991). *Pampanitikang Filipino pampanahong elektroniko* (Binagong Edisyon). Mandaluyong City: National Bookstore, Inc.
- [2] **Belvez, P.M.** (1987). *Pamana: Katutubong panitikan at sining ng pagkukuwento at pagtula*. Manila: Rex Bookstore, Inc.
- [3] **Eugenio, D.L.** (1989). *Philippine folk literature: The folktales Vol. IV*. Quezon City: UP Diliman Asian Center for Research and Development.
- [4] _____. (2002). *Philippine folk literature: The legend*. Quezon City: UP Diliman Asian Center for Research and Development.
- [5] **Hufana, N.L. & Semorlan, T.P** (2009). *Poklor ng mga Pilipino*. MSU-IIT, Lungsod ng Iligan.
- [6] **Zaide, L.C. et al.** (2006). *Panitikan sa iba't ibang rehiyon*. Valenzuela City: Mutya Publishing House, Inc.
- [7] **Zaide, S. M.** (1990). *Butuan the first kingdom*. Butuan City Historical & Cultural Foundation.
- [8] _____. (1988). *Diksyunaryo ng wikang Filipino*. Quezon City: Merlyn Publishing House.